


**Abstract**

These poems were written during the COVID-19 pandemic. It is quite impossible to keep the present situation in mind but to write about motherhood during this pandemic, and how Filipinos dealt with and struggled in this health crisis.

**Keywords**

Pandemic, mother, family, poverty, Filipino nation

**English titles**

Mother in the Middle of the Pandemic and Other Poems

1. Mother in the Time of COVID
2. Pandemic
3. Starvation

# INA SA GITNA NG PANDEMYA AT IBA PANG TULA

**ALMAYRAH A. TIBURON**

# INA SA GITNA NG PANDEMYA

Hindi biro ang maging babae lalo't ang maging ina.
Danas na ibig isatitik sa panahon ng pandemya,
Bago sagasaan ng rumaragasang mga taon.
Kung minsa'y may mga kaisipang lumilipad,
Tinatangay ng iyak ng aking sanggol
Na nasa duyang puno ng pagkalinga.

Walang kapantay ang papel na ginagampanan,
Kaulayaw ang kaldero't kung ano-ano pa.
Halos sabay-sabay na gawain, laging naghahabol ng oras.
Kung babayaran ang panahong iginugugol sa pagiging ina,
Marahil siguro ako ay yumaman na,
At isasama sa mga gawain ang pagbibilang ng pera.

Biglang umalingawngaw ang tinig ng puso,
Ang kaba at takot para sa pamilya dahil sa pandemya.
Kailangang maging mapanuri, mag-ingat, at magsakripisyo,
Habang patuloy sa pag-aaruga at pagkalinga.
A! Ituloy ang lahat ng ginagawa—
Nagtuturo, nag-aalaga ng bata, nag-iigib, at naglalaba.

Babae akong batbat ng pangitai't misyon,
Nasang makabahagi ng layuni't adbokasiya.
Hindi maubusan ng pasensiya at tapang,
Hindi marunong mapagod magmahal.
Sabay ginagawa ang pagiging guro at ina,
Walang makapipigil kahit pa may pandemya.

# PANDEMYA

Ang bayan ay dinapuan ng lintik,
Bawat isa ay hindi na matahimik.
Mga Pilipino ay tuluyang nadikdik,
Sa batas ng hari, tunay na mabagsik!

Sa pandemya nga ba mamamatay,
O sa gutom o baka naman sa bala?
Ikinuyom ang galit sa palad,
Di makalaban habang nag-aalboroto ang sikmura!

Nag-aalala ang buong sambayanan,
Lalo na ang mga nasa laylayan.
Ihele nawa ang kanilang luha't kalungkutan,
Yakapin ang hikbi at aluin ang balikat.

Nangangamba sa maaaring kasapitan,
Sa ilang sandali'y marami na namang papanaw,
Habang sinasawsaw sa kape ng mayayaman
Ang napakasagana nilang pamumuhay.

# TAWAG NG SIKMURA

Mainit na kape sa maralita,
Di magawang mahigop sa umaga.
Pumapatak ang mga luha't tulala
Habang umiiyak ang maraming bata.

Sa pamahalaan na lamang siya aasa,
At laging nakasilip sa may bintana.
Baka makalagpas ang darating na ayuda,
Sardinas at noodles na pagsasaluhan ng pamilya.

Ilang araw na'y di makatakas sa realidad,
Sumasalpok na sungay ng hari, nanunuwag.
Maralitang di mapalagay, tila sinilaban,
Hihigupin sa kandungan ng kamatayan.

Ang pagtitimpi'y ibig nang sumabog,
Di makalas ang damdaming napopoot.
Ang galit sa puso'y pumugad, di malusaw,
Nag-aapoy na nga na tila isang bulkan.

Ngunit saan patungo ang poot na nadarama?
A! Kailangang magtimpi kahit lugami at gutom!
Maghintay hanggang lumisan na ang virus,
Kasabay ng pagdatal ng bagong umaga.